

Alameda County	1225 Fallon St. Room G-1, Oakland, CA 94612
Contra Costa County	County Clerk Recorder, 555 Escobar Street, Martinez, CA 94553
San Francisco City and County	City Hall, Voter Records Division, 1 Drive Carlton B. Goodlett Place, Room 48, San Francisco, CA 94102
San Mateo County	Registration & Elections Division, 40 Tower Road, San Mateo, CA 94402
Santa Clara County	Candidate Services Division, 1555 Berger Drive, Building 2, 3rd Floor, San Jose, CA 95112

PAUNAWA SA PANGKALAHATANG HALALAN

Nobyembre 3, 2026

IPINAGBIBIGAY-ALAM SA PAMAMAGITAN NITO sa mga kuwalipikadong manghahalal ng **Distrito ng Panukala sa Kita ng Pampublikong Transportasyon sa mga County ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, Santa Clara, at ng Lunsod at County ng San Francisco sa California**, na alinsunod sa mga probisyon ng Kodigo ng Pamahalaan ng California at Kodigo ng mga Halalan ng California, ang isang Halalan para sa mga layunin ng panukala ay gaganapin sa **Nobyembre 3, 2026**, kung saan ang sumusunod na panukala ay isusumite at pagbobotohan ng mga kuwalipikadong manghahalal sa loob ng **Distrito ng Panukala sa Kita ng Pampublikong Transportasyon**.

PANUKALANG TANONG: : Upang maiwasan ang malalaking pagbawas sa serbisyo ng BART at iba pang transportasyon, iwasan ang mas malalang trapiko, at bawasan ang polusyon sa pamamagitan ng: Pagpapanatili sa BART, Caltrain, VTA, SamTrans, AC Transit, Muni, iba pang transportasyong para sa lahat, kabilang ang mga manggagawa, estudyante, nakatatanda, mga taong may mga kapansanan; Pagsuporta sa kaligtasan, kalinisan, pagiging abot-kaya, pagkamaasahan ng transportasyon; Pagkukumpuni sa mga target na kalsada/lubak; Pag-aatas ng kalinawan, pagbabantay, pananagutan sa pananalapi; dapat bang pagtibayin ang panukalang nagpapatibay ng 0.5% (mga county ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, Santa Clara), at 1% (San Francisco) buwis sa pagbebenta nang 14 na taon na makalikom ng humigit-kumulang \$980,000,000 taon-taon?

OO_____ HINDI _____

Porsiyento para Pumasa: Kinakailangan ang Boto ng Mayorya

IPINAGBIBIGAY-ALAM DIN NITO na ang mga pangunahing pangangatwirang panig o laban sa nasabing panukala ay maaaring ihain sa mga Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante sa mga address na nakalista sa itaas, nang hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa **Agosto 4, 2026**. Dapat ihain ng mga may akda sa county ang pangangatwiran kung saan nila ito nais na mailathala alinsunod sa SB 830. Ang sagot sa mga pangangatwiran ay dapat ihain sa mga Opisina ng Tagapagrehistro ng mga Botante nang hindi lalampas ng 5:00 p.m. sa **Agosto 11, 2026**.

Ang namamahalang lupon o sinumang miyembro o mga miyembro ng lupon, sinumang indibidwal na botante na kuwalipikadong bumoto sa panukala, o isang lehitimong asosasyon ng mga mamamayan, o kumbinasyon ng mga nasabing botante at asosasyon ay maaaring maghain ng nakasulat na **pangunahing**

pangangatwirang panig o laban sa Panukala. **Hindi dapat lumampas sa 300 salita ang haba ng pangunahing pangangatwiran. Hindi dapat hihigit sa limang pirma ang lalabas sa anumang inihaing pangunahing pangangatwiran.** Ang mga isinumiteng naka-print na pangunahing pangangatwiran ay dapat may pamagat na "Pangangatwirang Panig sa Panukala" o "Pangangatwirang Laban sa Panukala." Ang mga salitang ginamit sa pamagat ay hindi dapat bilangin kapag tinutukoy ang haba ng pangunahing pangangatwiran.

Ang mga Opisina ng mga Tagapagrehistro ng mga Botante ay pipili ng pangunahing pangangatwirang panig at pangunahing pangangatwirang laban sa panukala na nakaprinta at ipapamahagi sa mga Patnubay na Impormasyon Para sa Botante ng County (CVIGs) ng bawat county.

Dapat ipakita ng mga Opisina ng mga Tagapagrehistro ng mga Botante ang mga **pangunahing pangangatwiran para sa pagsusuri ng publiko sa loob ng 10 araw nang kalendaryo** na magsisimula sa **Agosto 5, 2026** at matatapos sa **Agosto 15, 2026**, na kasunod agad ng takdang petsa ng paghahain para sa pagsusumite ng mga pangangatwiran.

Ang mga Tagapagrehistro ng mga Botante ay magpapadala ng kopya ng napiling pangunahing pangangatwirang panig sa panukala sa mga may-akda ng mga pangunahing pangangatwirang laban, at ng kopya ng napiling pangunahing pangangatwirang laban sa mga may-akda ng pangunahing pangangatwirang panig. **Ang mga may-akda ay maaaring maghanda at maghain ng sagot sa pangangatwiran na hindi lalampas sa 250 salita ang haba.** Ang bawat sagot na pangangatwiran ay dapat agad na kasunod ng direktang pangangatwiran na gusto nitong sagutin at dapat itong bigyan ng pamagat na "Sagot sa Pangangatwirang Panig sa Panukala," o "Sagot sa Pangangatwirang Laban sa Panukala." Ang mga salitang ginamit sa pamagat ay hindi dapat bilangin kapag tinutukoy ang haba ng anumang sagot na pangangatwiran.

Dapat ipakita ng mga Opisina ng mga Tagapagrehistro ng mga Botante ang mga sagot na pangangatwiran para sa pagsusuri ng publiko sa loob ng 10 araw nang kalendaryo na magsisimula sa **Agosto 12, 2026** at matatapos sa **Agosto 22, 2026**, na kasunod agad ng takdang petsa ng paghahain para sa pagsusumite ng mga sagot na pangangatwiran.

Ang lahat ng pangunahing pangangatwiran at sagot na inihain alinsunod sa paunawang ito ay may kasama dapat na sumusunod na form ng pahayag na pipirmahan ng bawat may-akda:

Ipinapahayag ng (mga) nakapirmang may-akda ng **PANGUNAHING PANGANGATWIRAN/SAGOT SA PANGANGATWIRANG PANIG SA/LABAN SA Panukala** sa Balota sa Halalan sa **Distrito ng Panukala sa Kita ng Pampublikong Transportasyon ng mga County ng Alameda, Contra Costa, San Mateo, Santa Clara, at ng Lunsod at County ng San Francisco sa California**, na gaganapin sa **Nobyembre 3, 2026**, ay ipinapahayag na ang nasabing pangunahing pangangatwiran o sagot sa pangangatwiran ay totoo at wasto sa abot ng kanilang nalalaman at paniniwala.

IPINAGBIBIGAY-ALAM NITO na ang lahat ng aktibong rehistradong botante ay awtomatikong papadalhan sa koreo ng pakete ng balota sa Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo simula sa **Oktubre 5, 2026**; magbubukas ang mga Sentro ng Pagboto para sa nasabing halalan simula sa **Oktubre 24, 2026**, hanggang **Nobyembre 3, 2026** para sa iba't ibang oras ng operasyon. **Mangyaring tingnan ang mga Listahan ng mga oras ng operasyon ng mga Sentro ng Pagboto na naka paskil sa bawat sumusunod na website ng mga county:**

Alameda County	https://acvote.alamedacountyca.gov/election-information/elections?id=260#
Contra Costa County	https://www.contracostavote.gov/election/november-3-2026-general-election/#Election
San Francisco City and County	https://www.sf.gov/november-3-2026-consolidated-general-election
San Mateo County	https://smcacre.gov/elections/vote-centers
Santa Clara County	https://vote.santaclaracounty.gov/vote-person/official-vote-center-list-and-schedule

Magbubukas ang mga Sentro ng Pagboto sa Araw ng Halalan, Nobyembre 3, 2026, mula 7:00 a.m. hanggang 8:00 p.m. Ang lahat ng balotang naitala sa nasabing halalan ay sentral na bibilangin sa mga Opisina ng mga Tagapagrehistro ng mga Botante.

IPINAGBIBIGAY-ALAM DIN NITO na, alinsunod sa seksyon 15101(b) ng Kodigo sa mga Halalan, ang mga balota ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay bubuksan at ipoproseso para sa pagbibilang simula sa **Oktubre 5, 2026**, sa mga Opisina ng mga Tagapagrehistro ng mga Botante.

Pinetsahan: Agosto 14, 2026

Matt Moreles, Tagapagrehistro ng mga Botante